REPUBLIKA NG PILIPINAS
LALAWIGAN NG CAVITE
PAMAHALAANG BAYAN NG CARMONA

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-4 NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG CARMONA, CAVITE NA GINANAP SA SILID-PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN NOONG IKA-25 NG ENERO 2016**

MGA DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ELMER M. REYES | .................................. | *Pang. Punongbayan at Tagapangulo* |
| KGG. CESAR L. INES JR. | .................................. | *Konsehal* |
| KGG. BERNIE A. ORTIZ | .................................. | *Konsehal* |
| KGG. LEONILA A. MANABAT | .................................. | *Konsehal* |
| KGG. AMABLE M. LONTOK | .................................. | *Konsehal* |
| KGG. HUBERTO A. HUGO | .................................. | *Konsehal* |
| KGG. ELIZABETH H. MANARIN | .................................. | *Konsehal* |
| KGG. DOMINGO R. TENEDERO | .................................. | *Konsehal* |
| KGG. ALBERTO H. OCAMPO | .................................. | *Konsehal* |
| KGG. FERMIN M. LEVARDO | .................................. | *Pangulo, Liga ng mga Barangay* |

DI-DUMALO: WALA

## KAUTUSAN BLG. 01-2016

**KAUTUSANG NAGSUSUSOG SA ARTIKULO VIII NG PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 004-03, NA MAS KILALA BILANG "KODIGO NG SORTEO NG BUKID NG BAYAN"**

**Mga nag-isponsor: Kgg. Elizabeth H. Manarin at Kgg. Bernie A. Ortiz**

***SAPAGKAT***, sa layuning mas lalo pang maging kapana-panabik at matagumpay ang pagdiriwang sa makasaysayang tradisyon sa bayan ng Carmona – ang "Sorteo ng Bukid", minarapat ng administrasyong ito na magkaroon ng malaking pagdaragdag sa bilang at halaga ng mga mapapanalunan;

***SAPAGKAT***, ang dami at halaga ng mga napanalunan noong nakaraang Sorteo 2013 ay ang mga sumusunod:

110 – partida ng bukid
125 – swerte na may halagang ₱35,000.00 bawat isa
4 – swerte na may halagang ₱100,000.00 bawat isa (kapalit ng mga Lote Blg. 70, 72, 166 at 167 na ginawang Baseball Field at Call Center alinsunod sa mga Kautusan Blg. 009-06 at 008-08)
19 – swerte na may halagang ₱5,000.00 na mabubunot kada ika-500 bola;

ELIZABETH H. MANARIN
DR. DAHLIA A. LOYOLA
HUBERTO A. HUGO
ELMER M. REYES
AMABLE M. LONTOK
MARIVIC M. PAKINGAN
LEONILA A. MANABAT
FERMIN M. LEVARDO
BERNIE A. ORTIZ
ALBERTO H. OCAMPO
CESAR L. INES JR.
DOMINGO R. TENEDERO

ELIZABETH H. MANARIN
DR. DAHLIA A. LOYOLA
HUBERTO A. HUGO
ELMER M. REYES
AMABLE M. LONTOK
MARIVIC M. PAKINGAN
LEONILA A. MANABAT
FERMIN M. LEVARDO
BERNIE A. ORTIZ
ALBERTO H. OCAMPO
CESAR E. INES JR.
DOMINGO R. TENEDERO

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGTIBAY TULAD NG DITO'Y PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG CARMONA, CAVITE NA:**

***Seksyon 1.*** Ang Artikulo VIII ng Pambayang Kautusan Blg. 004-03, na mas kilala bilang "Kodigo ng Sorteo ng Bukid ng Bayan", ay sinususugan gaya ng sumusunod:

**"ARTIKULO VIII**
**ANG MGA MAPAPANALUNAN**

***Seksyon 1.*** Ang bilang ng swerte at kaukulang halaga ng mga ito:

a. Isandaan at sampung (110) partida ng bukid;
b. Isandaan at Limampung (150) swerte na nagkakahalaga ng Apatnapung Libong Piso (₱40,000.00) bawat isa, na dito rin babawasin ang laang tamang binabanggit sa Artikulo VII, Seksyon 4;
c. Apat (4) na bilang ng swerte na nagkakahalaga ng Isandaang Libong Piso (₱100,000.00) bawat isa; at
d. Limang Libong Piso (₱5,000.00) na mabubunot kada ika-200 bola."

***Seksyon 2.*** Ang anumang katadhanaan na naitakda sa mga umiiral na kapangyarihan at/o kautusan o kapasiyahan na taliwas sa alinmang itinatakda ng Kautusang ito ay ipinalalagay na napalitan na.

***Seksyon 3.*** Ang Ordinansang ito ay magkakabisa matapos ang labinlimang (15) araw buhat sa araw na ang sipi nito ay naipaskil sa *Bulletin Board* ng Pamahalaang Bayan sa harapan at sa bawat bahay-pamahalaan ng lahat ng mga barangay na nasasakupan.

****** * ******

**PINATUTUNAYAN:**

**MARIVIC M. PAKINGAN**
***Kalihim***

**PINATOTOTOHANAN:**

**KGG. ELMER M. REYES**
***Pang. Punongbayan***

MGA KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN

KGG. CESAR L. INES JR.

KGG. BERNIE A. ORTIZ

KGG. LEONILA A. MANABAT

KGG. AMABLE M. LONTOK

KGG. HUBERTO A. HUGO

KGG. ELIZABETH H. MANARIN

KGG. DOMINGO R. TENEDERO

KGG. ALBERTO H. OCAMPO

KGG. FERMIN M. LEVARDO
*Pangulo ng Liga ng mga Barangay*

PINAGTIBAY:

KGG. DAHLIA A. LOYOLA
*Punongbayan*

FEB 01 2016
*Araw na pinagtibay*